# Si Rizal at ang Kamatayan: Apat na Tula

**ALLAN POPA**

## Pagtalikod Bilang Pagharap

Mahimbing ang tulog niya kagabi.
Maaga siyang gumising at naghanda
upang salubungin ang araw
ng kanyang kamatayan.
Panatag ang kanyang mga hakbang
na tila namamasyal lang sa parke.
Walang kaba na magpapahigpit
sa gapos sa kanyang pulsuhan.
Pumapagitna siya sa umagang ito.
Lumulutang ang bihis na luksa
sa mga nagtipong manonood
sa pagbaril. Ngunit di niya iniinda
ang tutok ng mga tingin. *Preparen!*
Sa kanyang loob, may bumubukang
pakpak. Pumapagaypay ang balak.
Sapagkat hinatulang traydor
mamamatay siyang nakatalikod
Sa mga mata ng berdugo. *Apunten!*
Hinasa ang talim ng asinta.
Balisa ang mga punlong sabik

sa anyaya ng batubalaning likod.
Nasa dulo ng dila ang huling utos.
Nadarama ng mga daliri ang talas
ng karet sa kurba ng gatilyo.
*Fuego!* Isang saglit sa pagitan
ng pinawalang atas at pagtalima,
ang pagsikip ng litid sa gulugod,
ang pagbaling ng mga balikat,
ang pagpihit ng katawang paharap,
ang masidhing nais na sumalunga
sa titig ng paghuhukom: kaganapan
ng pagkabayaning tila sayaw
na pipinuhin sa buong kasaysayan.
Kasabay ng puwersa ng kabig
at pagpuslit ng mga bala sa riple,
tumilapon ang itim niyang sumbrero.
Tanda ng arkong iginuhit sa hangin.
Alimpuyo ng binuhay na unos.

## Habilin

Ang sabi ng estrangherong
naghihingalo sa gubat,
sampung hakbang mula
sa kinatatayuan niya
kung saan siya mabubuwal
matapos ihabilin sa akin
kung paano niya nais lumisan
nang walang maiiwang
bakas, Maghukay ka.

Naghukay ako at nabungkal
sa ilalim ng sapin-saping panahon,
ang mga bakas ng siga
ng isang lihim na pagtitipon,
limang puluhan ng sundang,
isang dila ng kampana,
tali ng buhok na pabaon sa lumisan,
pilas ng liham na hindi nilagdaan,
tatlong kamay ng poon,
at isang medalyon.

Lumalim ang hukay
na sapat upang mapaglibingan
sa akin nang buhay at bago
mag-umaga, natagpuan ko roon
ang maraming bungo ng tao
na nahubdan na ng pagkakilanlan.

Sa iniwang guwang ng kanilang
mga mata, ang dilim ng nasaksihan
na hindi ko kailanman makikita,
isang malalim na balon ng tinta.
At sa dibdib ko napukaw
ang apoy na walang usok.

## Gabi ng mga Gamu-gamu

Muli't muling nagliliyab
ang munting gamugamo
sa tuwing uulitin ang salaysay
upang maituro ang aral
ng pagsunod sa nakatatanda.

Sa kinauupuan, nakatitig
ang batang bayani sa andap
ng gasera, matamang nakikinig
sa inang nagbababala.
Ang apoy sa kanyang mga mata,
tinutupok ang mga pakpak
ng sumusuway sa takda.

Noon pa man, naroon na
ang tulang pahimakas, nakabilot
sa ilalim ng lamparang
ipupuslit palabas ng kulungan.
Naroon na maging ang mitsa
ng bombang hindi niya hahayaang
sumambulat sa loob ng nobela.

Patuloy na naglalagablab
ang mga pahinang tila pakpak
na lumalaya sa aklat na iyong hawak.

## Scientia

Hinubog ng kanyang mga kamay
na humiwa na sa pinakamumunting ugat
ng mga matang pinanlabuan
ng paningin gamit ang panistis
na sintalas ng kanyang panulat

ang hamak na luwad

upang mapangibabawan ang bungo
ng kamatayan at buong lakas na maiangat
ng dalawang kamay ng babaeng hubad
sa anumang pag-aari, ang liwanag ng sulo,
alay sa kaibigang kapanalig sa katotohanan

itong anyong panandalian.

Awtor si Allan Popa ng labing-apat na aklat kabilang na ang *Narkotiko at Panganorin* (Ateneo de Manila University Press, 2018), *Damagan* (UST Publishing House, 2018) at *Autopsiya ng Aking Kamatayan* (Tala Antala, 2019). Nagwagi na siya ng Philippines Free Press Literary Award at Manila Critics Circle National Book Award for Poetry. Nagtapos siya ng MFA in Writing sa Washington University in Saint Louis at PhD in Literature sa De La Salle University. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Kagawaran ng Filipino ng Ateneo de Manila University. Maaari siyang makontak sa apopa@ateneo.edu.